# SINO BA ANG KABILANG SA AMERIKA? 4.1.2020

**Kabilang tayo sa U.S. Sensus. May karapatan tayong lahat na makibahagi at sumali sa pag sagot ng survey na 10 minuto, na naglalaman ng 9 na tanong—kahit ano pa man ang katayuan ninyo sa citizenship o imigrasyon.**

---

**WALANG TANONG TUNGKOL SA CITIZENSHIP SA 2020 SENSUS.**

Kahit anuman ang inyong katayuan pagdating sa citizenship o imigrasyon, ang pagkumpleto ninyo ng sensus ay nakakatulong sa paglagay ng pera at pulitikal na kinakatawan sa inyong komunidad.

**Kumpidensyal ang impormasyon ninyo sa Sensus.** Kapag may nahuling nag bibigay ng impormasyon ninyo sa ICE, sa inyong landlord, o ibang mga ahensya ng gobyerno o tao—kung sino pa man ito, kahit sila ay empleyado ng Census Bureau—magreresulta ito sa 5-taong sentensya at/o isang multang naghahalaga ng $250,000.

**Kapag kinumpleto ninyo ang kuwestyonaryo ng Sensus—mapa-online man ito, telepono, o gamit ang koreo—gitna ng Marso hanggang Hulyo 2020:**

+ **Nakakatulong kayo sa paglagay ng $20,000 sa inyong lungsod, pati na rin sa inyong mga mahal sa buhay, kapit bahay, at komunidad—para sa mga parke, paaralan, nutrisyon** (kasali ang libreng pagkain sa paaralan at Special Supplemental Program for Women, Infants, and Children/ WIC), **pangangalaga sa kalusugan, abot-kayang pabahay, pagsasaayos ng daanan, serbisyong sa kaligtasan at emerhensya, at iba pa**
+ **May impluwensya kayo kung saan itatalaga ang mga negosyo, linya ng bus, aklatan (library), at mga palaruan (playground)**
+ Sinisigurado ninyo ang inyong **politikal na kinakatawan** sa City Hall at Kongreso—at ang inyong **kapangyarihang bumoto** sa Electoral College.

**Magpabilang at makibahagi ng patas.**

Hatid ng Sanctuary City Project
@sanctuarycityproject

sf.gov/census
#SFCounts #2020Cenus
@sf_immigrants

www.artandaction.us
@artandaction.us

SF ★2020 census COUNTS

ART + ACTION 2020 Census